

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka
24

Mga sagot sa Kailanan at Panauhan ng Panghalip na Pano

Itukoy ang kailanan at panauhan ng panghalip na pano na may salungguhit. Para sa **Kailanan**, isulat ang titik (I = isahan, D = dalawahan, o M = maramihan). Para sa **Panauhan**, isulat ang bilang (1 = unang panauhan, 2 = ikalawang panauhan, o 3 = ikatlong panauhan).

Kailanan Panauhan

- | | | |
|--------------|--------------|---|
| <u> I </u> | <u> 3 </u> | 1. Si Rodel ay isang masipag na manggagawa. <u>Siya</u> ay tinutularan ng kanyang mga katrabaho. |
| <u> M </u> | <u> 1 </u> | 2. Ako, si Luisa, at si Teresa ay may isang maliit na negosyo. Nagtutulongan <u>kami</u> sa pangangasiwa ng aming negosyo. |
| <u> I </u> | <u> 3 </u> | 3. Naiwan ni Hilda ang kanyang I.D. Ibigay mo sa <u>kanya</u> ito pag-uwi niya galing sa eskuwelahan. |
| <u> M </u> | <u> 2 </u> | 4. Mga bata, kayo na ang susunod na magtutula. Inaasahan ko na saulo na <u>ninyo</u> ang buong tula. |
| <u> M </u> | <u> 1 </u> | 5. Bukas na ang lakbay-aral <u>natin</u> sa <i>The Mind Museum</i> . Huwag ninyong kalimutan na dalhin ang <i>permit</i> na may pirma ng inyong magulang. |
| <u> I </u> | <u> 2 </u> | 6. Alamin <u>mo</u> ang iyong mga karapatan bilang kasambahay. Ang bagong Batas Kasambahay ay para sa kapakanan ng mga <i>domestic workers</i> tulad natin. |
| <u> M </u> | <u> 3 </u> | 7. Nagkamit ng unang gantimpala ang pangkat ni Eric sa naganap na paligsahan. Ang malaking tropeo na ito ay sa <u>kanila</u> . |
| <u> I </u> | <u> 1 </u> | 8. Ako ang hinirang bilang pangulo ng samahang ito. Tungkulin <u>ko</u> ang itaguyod ang mga interes ng mga kasapi nito. |
| <u> D </u> | <u> 1 </u> | 9. Dahil tapos ko na ang aking mga gawain, tutulongan <u>kita</u> sa paggawa ng iyong takdang-aralin sa <i>Math</i> . |
| <u> M </u> | <u> 3 </u> | 10. Sina Amelia, Joanna, at Carmelita ay mahuhusay na manunulat. <u>Sila</u> ang napiling maging mga kinatawan natin sa gaganapin na timpalak. |
| <u> I </u> | <u> 2 </u> | 11. Paolo, nais ka raw makausap ni Ginang Marciano. <u>Ikaw</u> ang isasama niya sa pagbili ng mga bagong kagamitan. |
| <u> D </u> | <u> 1 </u> | 12. Tayong dalawa ay uuwi sa probinsiya ngayong Biyernes. <u>Kata</u> ay pupunta roon para tumulong sa paghahanda para sa pista. |